## Ano ang hepatitis B?

Ang hepatitis B ay isang virus na umaatake sa atay. Kung hindi gagamutin, maaari itong humantong sa pagkasira ng atay at sa kanser.

Tinatayang 296 milyong tao ang namumuhay nang may hepatitis B sa buong mundo. Maraming tao ang hindi nakakaalam na sila ay may impeksiyon dahil wala silang nararamdaman o hindi sila mukhang maysakit.

Ang hepatitis B ay naipapasa mula sa isang tao papunta sa iba sa pamamagitan ng may impeksiyong dugo o likido sa katawan.

## Hepatitis B at pagbubuntis

Kung ikaw ay buntis, dapat kang magpasuri ng dugo para sa hepatitis B bilang bahagi ng pangangalaga sa iyo habang ikaw ay buntis.

Maaari mong mailipat ang hepatitis B sa iyong bagong silang na sanggol sa panahon ng panganganak kung ikaw ay may impeksiyon.

Kung ikaw ay buntis at may hepatitis B, maaaring makakuha ang iyong sanggol ng set ng bakuna na magsisimula pagkapanganak sa kanya upang makaiwas sa impeksiyon.



## Para sa iba pang impormasyon:

**Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkon-trol at Pag-iwas sa Sakit)**
www.cdc.gov/hepatitis/hbv/

**HepB Moms**
www.hepbmoms.org (Ingles)

HepBHub
doh.wa.gov/hepbhub

DOH 420-406 May 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

Pinagmulan: CDC, Protect Your Baby for Life



# Hepatitis B:

# Ang mga kailangan mong malaman upang maprotektahan ang iyong sarili at ang iyong sanggol

Washington State Department of Health



## Mapanganib ba ang hepatitis B para sa aking sanggol?

Kapag nahawa ang mga sanggol sa hepatitis B, mayroon silang 90% na posibilidad na magkaroon ng panghabambuhay at pangmatagalang impeksiyon.

Kapag hindi ginamot, humigit-kumulang sa 1 sa 4 na batang may pangmatagalang hepatitis B ang nagkakaroon ng malubhang problema sa atay gaya ng pagkasira ng atay, sakit sa atay, o kanser sa atay.

Mabuti na lang, maaaring maiwasan ang impeksiyon ng hepatitis B sa pamamagitan ng napakaligtas at napakabisang bakuna.

## Protektahan ang iyong sanggol at umiwas sa hepatitis B

Dapat makuha ng iyong sanggol ang unang bakuna sa hepatitis B sa loob ng 24 na oras matapos ipanganak.

Kung ikaw ay positibo sa hepatitis B, dapat makakuha ang iyong sanggol ng hepatitis B immune globulin (HBIG) sa loob ng 12 oras matapos isilang.

Kailangan ng iyong sanggol ang lahat ng 3 bakuna sa hepatitis B at iniksyon ng HBIG para maprotektahan siya laban sa hepatitis B. Ipasuri ang sanggol mo pagkalipas ng 9–12 buwan upang makumpirmang protektado ang iyong sanggol.

| Takdang petsa | Ang sanggol na isinilang ng isang buntis na may hepatitis B ay dapat makatanggap ng |
|---|---|
| **Pagkapanganak** | Dosis ng bakuna sa hepatitis B at hepatitis B immune globulin (HBIG) pagkapanganak |
| **1–2 buwan** | Ika-2 dosis ng bakuna sa hepatitis B |
| **6 buwan** | Ika-3 dosis ng bakuna sa hepatitis B |
| **9–12 buwan** | Magpasuri upang makumpirmang protektado ang iyong anak |

Narito ang ilang hakbang para maprotektahan ang iyong sanggol:

- Maaari mo pa ring pasusuhin ang iyong sanggol kung mayroon kang hepatitis B. Kausapin ang doktor mo kung nagkakabitak at dumudugo ang iyong mga utong, may mga opsiyong makakatulong sa iyo habang nagpapasuso ka.
- Itabi ang talaan mo ng bakuna sa hepatitis B at dalhin ito kapag magpapatingin ka sa doktor.
- Isama sa pagpapasuri at pagpapabakuna para sa hepatitis B ang mga miyembro ng iyong pamilya.

## Kung wala kang hepatitis B

Maaari mo pa ring protektahan ang iyong sarili at ang iyong sanggol sa pamamagitan ng ligtas at mabisang bakuna. Siguruhing kukumpletuhin mo ang serye!

| Takdang petsa | Ang sanggol ay dapat makatanggap ng |
|---|---|
| **Pagkapanganak** | Dosis ng bakuna sa hepatitis B pagkapanganak |
| **1–2 buwan** | Ika-2 dosis ng bakuna sa hepatitis B |
| **6 buwan** | Ika-3 dosis ng bakuna sa hepatitis B |

## Ingatan ang iyong sarili kung mayroon kang hepatitis B

Maaaring kailanganin mo ng mga karagdagang pagsusuri para alamin ang kalusugan ng iyong atay at kung may kailangan kang paraan ng paggamot.

Ang mga gamot na tinatawag na antiviral ay nakakagamot ng maraming taong may hepatitis B. Gayunpaman, may mga taong hindi kailangan ng anumang paraan ng paggamot.

Magtanong sa doktor bago uminom ng anumang gamot na inireseta, over-the-counter (nabibili nang walang reseta), supplement, o bitamina dahil may ilang gamot na posibleng makasira ng atay.

Maaari ding makatulong sa iyo ang bakuna sa hepatitis A. Ipagpatuloy ang pagpapatingin sa doktor pagkatapos manganak upang masubaybayan ang iyong impeksiyon.